# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



**MODYUL 8**
**PAGSIBOL NG KAMALAYANG PILIPINO**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 8
# PAGSIBOL NG KAMALAYANG PILIPINO

Ang Pilipino ay likas na mapagtiis at mapagbigay kung kaya't ang mga pagmamalabis at pang-aabuso ng mga Espanyol sa kanilang karapatan ay tiniis nila sa mahabang panahon. Subalit dumating ang sandali at nagising ang mga Pilipino sa katotohanan. Sa araling ito, makikita natin na handa na silang ipaglaban ang kanilang kalayaan at karapatan. Ang pagmamahal sa bansa at sa kapwa ay lubos na nalinang dala ng pang-aabuso at pagmamalupit na naranasan nila sa kamay ng mga mananakop.

Sa modyul na ito ay iyong malalaman kung paano sumibol ang damdaming makabansa na nakapagpausbong ng kamalayang Pilipino.

May tatlong araling inihanda para sa iyo.

Aralin 1: Pag-aalsa laban sa Espanyol

Aralin 2: Ang Nasyonalismong Pilipino

Aralin 3: Ang Kilusang Propaganda

Pagkatapos ng modyul na ito ay inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Maipaliliwanag ang paraan ng pakikitungo at pagtutol ng mga Pilipino sa mga mananakop na kastila;
2. Mabibigyang puna ang reaksyon ng mga Pilipino sa ibang dayuhang nagtangkang manakop sa Pilipinas;
3. Masusuri ang epekto ng patakarang kolonyal sa pag-usbong ng nasyonalismo; at
4. Mailalarawan ang Kilusang Propaganda batay sa uri ng pamumuno, mga nagawa at kinahinatnan.

Ngunit bago ang lahat, sagutin mo muna ang ihihandang panimulang pagsusulit.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto. Suriin at ibigay ang tamang kasagutan. Bilugan ang titik.

1. Ano ang pinakamahabang pag-aalsang naganap laban sa Kastila?

   A. Magat Salamat
   B. Dagohoy
   C. Tablot
   D. Bankaw

2. Saan naganap ang pag-aalsa sa Bankaw?

   A. Cagayan
   B. Hilagang Luzon
   C. Bohol
   D. Leyte

3. Sino ang ikalawang patnugot ng La Solidaridad?

   A. Marcelo H. del Pilar
   B. Graciano Lopez Jaena
   C. Jose Rizal
   D. Mariano Ponce

4. Sino ang sumulat ng “Fray Botod” na tumutuligsa sa mga pang-aabuso at gawaing di-mabuti ng mga prayle?

   A. Jose Rizal
   B. Marcelo H. del Pilar
   C. Mariano Ponce
   D. Graciano Lopez Jaena

5. Ano ang itinatag at pinamatnugutang pahayagan ni Marcelo H. del Pilar?

   A. Diariong Tagalog
   B. La Solidaridad
   K. Kalayaan
   D. La Independencia

6. Ano ang pahayagan ng Kilusang Propaganda?

   A. Kalayaan
   B. War Bulletin
   K. La Solidaridad
   D. La Independencia

7. Sino ang gumamit ng sagisag na Plaridel?

   A. Marcelo H. del Pilar
   B. Graciano Lopez Jaena
   K. Dr. Jose Rizal
   D. Mariano Ponce

8. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit bigo ang mga naunang pag-aalsa?

   A. Pera
   B. Armas
   K. Kawalan ng Pambansang Pagkakaisa
   D. Tao

9. Sino ang sumulat ng nobelang Noli at El Fili?

   A. Marcelo H. del Pilar
   B. Jose Rizal
   K. Graciano Lopez Jaena
   D. Antonio Luna

10. Alin sa mga sumusunod na pag-aalsa ang hindi nakabatay sa pagnanais ng kalayaan sa pananampalataya?

A. Igorot
K. Lakandula
B. Tamblot
D. Bankaw

11. Ang mga dahilan ng hindi pagtatagumpay ng mga naunang pag-aalsa ay ang mga sumusunod **maliban** sa:

A. Kulang as armas at sandata ang mga Pilipino
B. Hindi pa nagkakaisa ang mga Pilipino
C. Walang karanasan ang mga Pilipino sa pakikihamok
D. Watak-watak ang mga ginawang pag-aalsa

12. Piliin kung alin ang hindi tama sa mga sumusunod na pangungusap.

A. Ninais ni Dr. Jose Rizal na magkaisa ang mga Pilipino.
B. Ninais ni Dr. Jose Rizal na maging isang opisyal sa pamahalaang Kastila.
C. Ninais ni Dr. Jose Rizal na baguhin ang pamamalakad ng mga prayle.
D. Ninais ni Dr. Jose Rizal na bumalik sa Pilipinas upang tumulong sa mga kapwa Pilipino.

13. Liberalismo ang tawag sa kaisipang galing sa Europa na nagpapakita ng:

A. Pagbibigay ng pagkakataon sa pagpapalayas ng mga prayle sa Pilipinas.
B. Pagpapalaya sa mga nasasakdal
C. Pagbibigay ng kalayaan sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan
D. Pagpapahayag ng pagkamuhi sa mga Kastila

14. Ang pinakamahalagang pangyayari na nagpaigting sa pagkagalit ng mga Pilipino sa mga Kastila:

A. Pagpapataw ng buwis
B. Pangingibang-bansa ni Jose Rizal
C. Pagbabawal sa pakikipagkalakalan
D. Pagpatay sa Tatlong Paring Martir

15. Ang ikinaiba ng Kilusang Propaganda sa kilusang pag-aalsa:
    A. Paggamit ng marahas na paraan
    B. Paggamit ng mapayapang paraan
    C. Pangingibang-bansa ng kasapi
    D. Pag-aaral upang maging matalino

16. Sina Gomez, Burgoz at Zamora ang:
    A. Tatlong Paring taga- Cebu
    B. Tatlong paring ipinatapon sa ibang bansa
    C. Tatlong Paring IloKano
    D. Tatlong Paring Martir ng Cavite

17. Ang mga sumusunod ay naging mga bayani ng Kilusang Propaganda maliban kay:
    A. Jose Rizal
    B. Graciano Lopez Jaena
    C. Marcelo H. del Pilar
    D. Andres Bonifacio

18. Ang asosasyong itinatag ni Dr. Jose Rizal upang tulungang magkaisa ang mga Pilipino.
    A. La Liga Filipina
    B. Plaridel
    C. La Independencia
    D. Dimasalang

19. Isulat kung alin ang hindi tama sa mga sumusunod:
    A. Nilayon ng mga propagandista na gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas
    B. Nilayon ng La Solidaridad na mailantad ang pagmamalabis ng mga Kastila
    C. Nilayon ng mga paring Pilipino na isulong ang kanilang karapatan sa pamamahala ng Simbahan
    D. Nilayon ng mga manghihimagsik na palitan ang Hari ng Espanya.

20. Maipakikita natin ang damdaming nasyonalismo sa pamamagitan ng:
    A. Pakikiisa at pagtataguyod ng mga pagbabago sa lipunan
    B. Hindi pakikialam sa mga nangyayari sa bansa
    C. Pag-alis sa bansa sa panahon ng krisis
    D. Hindi pakikisama sa mga gawain tungo sa pagbabago.


**ARALIN 1**

**PAG-AALSA LABAN SA MGA ESPANYOL**



Noong una, naging maganda ang pagtanggap ng mga Pilipino sa mga Espanyol. Nakipagkaibigan sila sa mga ito at tinanggap ang mga handog ng pakikipagkaibigan. Nadama nila ang paggalang ng mga Espanyol sa kanilang kaugalian pati ang pamumuno ng matatanda sa barangay.

Hindi inakala ng mga Pilipino na ang magandang pakikipagkaibigan ay palabas lamang ng mga Espanyol upang makuha nila ang tiwala at kalooban ng mga Pilipino. Sa kanilang pamamahala, kapansin-pansin ang mga patakarang hindi makatao. Ikinagalit ito ng maraming Pilipino na naging daan ng mga pag-aalsa. Di ba't ito'y nagpapakita ng kagitingan ng mga Pilipino? Sasagutin natin iyan sa araling ito.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Mailalahad at masusuri ang pagkabigo ng pag-aalsang naganap;
2. Maipaliliwanag ang pakikitungo ng mga Pilipino sa mga mananakop; at
3. Makapagbibigay ng sariling reaksyon sa mga ginawa ng Espanyol mga sa Pilipino.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago tayo magsimula, mag-isip muna tayo. Mayroong mga kasabihan sa ibaba. Maaari mo bang ipaliwanag ang mga ito?

1. "Walang mang-aalipin kung walang paalipin". ____________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. "Nasa pagkakaisa ang tagumpay". ______________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Naipaliwanag mo ba ang mga kaisipang iyon? Talakayin naman natin ngayon ang kaugnayan ng mga kasabihang iyan sa mga nangyaring pakikipaglaban ng ating mga ninuno.

Tinalakay sa mga naunang modyul ang maraming katiwalian sa pamamahala ng mga Espanyol. Dahil sa mga katiwaliang iyan, nagsimula ang maraming pag-aalsa. Isa-isahin natin ang mga dahilan:

1. Hindi nagkaroon ng pantay na karapatan ng mga Pilipino sa ilalim ng pamahalaang Espanyol. Nagbunga ito ng mga pansariling pagnanais na maipaghiganti ang sarili, kamag-anak o kababayan sa pagmamalupit ng mga Kastila.
2. Ninais ng mga Pilipino na magkaroon ng kalayaan at pagsasarili. Napakatagal nang panahon na sila ay naging sunud-sunuran sa mga dayuhan.
3. Dumanas ng paghihirap sa kamay ng mga Espanyol ang mga katutubo bunga ng paniningil ng buwis, sapilitang pagtatrabaho, at iba pang patakaran ng pamahalaan. Nakadama ng masidhing paghihikahos ng mga Pilipino.
4. May mga opisyal na Espanyol at ng simbahan ang naging lubhang mapagmalabis.

Napakaraming naitalang pag-aalsa sa panahon ng mga Kastila. Suriin mo ang mga ito batay sa sumusunod na talahanayan.

Talahanayan. **MGA PAG-AALSA NG PILIPINO LABAN SA MGA ESPANYOL**

| **Pag-aalsa** | **Taon** | **Pook na Pinangyarihan** | **Dahilan ng Pag-aalsa** | **Pinuno** | **Resulta** |
|---|---|---|---|---|---|
| Lakandula | 1574 | Tondo, Navotas | Di pagtupad ni Gob. Lavesarez sa mga pangakong binitiwan ni Legazpi kay Lakandula | Lakandula | Bigo. |
| Pampanga | 1585 | Pampanga | Pagmamalabis ng mga encomendero | | Bigo. Ipinagkanulo ng |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | isang babae ang balak na pag-aalsa. Hinuli ang mga pinuno. |
| Tondo | 1587-88 | Tondo; Cuyo; Calamianes | Hangarin sa kalayaan | Magat Salamat, Martin Pangan, Juan Banal, Pedro Balingit | Bigo. Natuklasan nang maaga ang balak ng maaga. Ipinapatay o ipinatapon ang mga pinuno. |
| Cagayan-Ilocos | 1589 | Cagayan; Ilocos Norte | Pagtangging magbayad ng tributo, pagmamalabis ng mga kolektor ng tributo | | Bigo. Madaling nasugpo ang pag-aalsa. |
| Magalat | 1596 | Cagayan | Pagmamalabis ng mga kolektor ng tributo | Magalat | Bigo. Ipinapatay ang mga pinuno. |
| Igorot | 1601 | Hilagang Luzon | Pagnanais ng kalayaan sa pananampalataya | | Bigo. |
| Irrayas | 1621 | Lambak ng Cagayan | Pagmamalabis at pang-aapi ng mga pinunong Espanyol sa sapilitang paggawa at pagbubuwis | Felipe Catabay, Gabriel Dayag | Napigil dahil sa pagsesermon ni Padre Santo Tomas |
| Tamblot | 1621-22 | Bohol | Pagnanais na iwanan ang katolisismo at bumalik sa katutubong relihiyon. | Tamblot | Nasugpo ng mga Espanyol at Krsitiyanong Cebuano. |
| Bankaw | 1621 | Leyte | Pagnanais ng kalayaan sa pananampalataya | Bankaw, Pagali | Bigo. |
| Cagayan | 1625<br>1627<br>1639 | | Pagnanais ng kalayaan; pagpaparusa sa isang babae ng ilang Espanyol na opisyal | Miguel Lanab, Aldaban | Bigo. Pinatawad ang mga pinuno. Pinatay nang muling mag-alsa. |
| Caraga | 1629-31 | Caraga | Kawalang kasiyahan ng mga mamamayan sa pamahalaang Espanyol | | Bigo. |
| Cagayan | 1639 | Cagayan | Kawalang kasiyahan sa | | Bigo. |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | pamahalaang Espanyol | | |
| Ladia | 1643 | Malolos, Bulacan; Timog Luzon | Pagkagalit sa pang-aapi ng mga Espanyol | Pedro Ladia | Bigo. Pinatay ang mga pinuno. |
| Bisaya | 1649-50 | Silangang Visayas; Hilagang Mindanao; Zamboanga | Pagtutol sa pagpapadala ni Gob. Fajardo ng mga manggagawang Bisaya sa Cavite upang gumawa ng mga barko. | Sumuroy, Juan Ponce, Pedro Caamug | Hinuli at pinugutan ng ulo ang mga pinuno. |
| Pampanga | 1660-61 | Bacolor, Pampanga | Hindi pagbabayad ng mga opisyal sa biniling palay; paulit-ulit na pag-uutos na magbigay ng personal na paglilingkod. | Francisco Maniago | Pagkakaloob ng pangkalahatang amnestiya sa mga rebelde. Pagbibigay ng kabayaran sa paglilingkod. |
| Pangasinan | 1660-61 | Binalatongan, Pangasinan | Alitan sa pagitan nina Padre Gorospe at Malong | Andres Malong, Pedro Gumapos | Bigo. |
| Ilocos | 1661 | San Nicolas Barraca Laoag | Pang-aapi ng mga Espanyol | Juan Masanap, Pedro Almazan | Bigo. Pinatay ang mga pinuno. |
| Panay | 1663 | Oton, Panay | Pagnanais na magtatag ng sariling uri ng Kristiyanismo | Tapar | Bigo. |
| Agraryo | 1745-46 | Bulacan, Morong (Rizal) Cavite, Laguna, Batangas | Pang-aagaw ng mga lupaing ari ng mga magsasaka ng mga ordeng relihiyoso | Matienza | Bigo. |
| Dagohoy | 1774-1828 | Bohol | Pagtanggi ni Padre Morales na ilibing ang kapatid ni Dagohoy sa sementeryo ng mga Katoliko. Maituturing na pinakamahabang pag-aalsa na naganap sa kasaysayan ng | Francisco Dagohoy | Bigo. Pinatawad ang mga nagrerebelde. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Pilipinas. | | |
| Silang | 1762-63 | Ilocos | Pagnanais na palayasin ang mga Espanyol sa bansa. | Diego Silang, Gabriela Silang | Bigo. Pinatay si Silang ni Miguel Vicos, isang kaibigan. Ipinagpatuloy ni Gabriela ang pag-aalsa, ngunit siya'y nahuli at pinugutan ng ulo. |
| Palaris | 1762-64 | Pangasinan | Sapilitang paghingi ng reporma lalung-lalo na ng pagpapalit ng mga local na opisyal. | Juan de la Cruz | Bigo. Nasugpo ng pamahalaan. Pagpatay kay Palaris. |
| Banal | 1807 | Ilocos | Monopolyo ng pamahalaan sa paggawa ng basi. | Pedro Mateo | Bigo. Natalo ang mga rebelde ng mga sundalong Espanyol. |
| Hermano Pule | 1840-41 | Quezon | Dahil sa pagiging katutubo, si Pule ay tinanggihan ng mga Kastila na maging isang pari. Nagtatag si Pule ng isang kapatirang panrelihiyon, ang Confradia de San Jose, na hindi pinayagan ng pamahalaan at iniutos na buwagin. | Apolinario dela Cruz o Hermano Pule | Bigo. |

Napansin mo marahil na puro bigo at hindi naging matagumpay ang mga naitalang pag-aalsa. Nangangahulugan ito na sa mga panahong iyon, hindi pa lubos na handa ang mga Pilipino. Watak-watak kung sila ay kumilos. Karamihan ay walang armas at angkop na panlaban sa mga baril at kanyon ng mga Kastila.

Higit sa lahat, mas matapat ang maraming Pilipino sa Kastila kaysa sa kapwa nila Pilipino. May mga Pilipinong naging taksil at isinuplong ang mga kasamahan.

Marubdob man ang pagnanais na labanan ang mga mananakop, ang mga pag-aalsa ay may iba't ibang dahilan naman. Hindi rin lubos na nakiisa sa mga katutubo ang mga mayayamang angkan na nagtatamasa ng kaginhawaan sa ilalim ng mga Kastila. Higit pa riyan, ang mga nagbangon ay nakipaglaban sa mga Kastila hindi bilang Pilipino, kundi bilang Ilokano, Kapampangan o Bisaya. Samakatwid, di pa nabubuo ang isang diwang Pilipino.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Subukan mo kung iyong natatandaan ang mga halimbawa ng mga pag-aalsa. Pagtapat-tapatin ang Hanay A at Hanay B sa pamamagitan ng paglalagay ng guhit sa magkatugmang bilang at titik.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Dagohoy | A. Pagmamalabis ng encomendero |
| 2. Lakandula | B. Hangarin sa kalayaan |
| 3. Tondo | K. Pagmamalabis ng mga kolektor ng tributo |
| 4. Pangasinan | D. Maituturing na pinakamahabang pag-aalsa |
| 5. Bankaw | E. Pagpaparusa sa isang babae ng ilang Espanyol |
| 6. Magalat | G. Nagtatag ng isang kapatirang panrelihiyon na hindi pinayagan ng pamahalaan |
| 7. Hermano Pule | H. Alitan sa pagitan nina Padre Gorospe at Malong |
| 8. Banal | I. Pagnanais ng kalayaan sa pananampalataya |
| 9. Pampanga | L. Di pagtupad ni Gob. Lavesarez sa pangakong binitiwan ni Lagaspi kay Lakandula |
| 10. Cagayan | M. Monopolyo ng pamahalaan sa paggawa ng basi |



**Tandaan Mo!**

- Dahil sa pagiging masunurin at matapat ng mga Pilipino sa mga Espanyol, naging mapagsamantala ang mga Espanyol sa kapangyarihan. Di nabigyan ng katarungan ang mga Pilipino sa maraming larangan, kahit sa relihiyon. Ito ang naging hudyat para sila ay lumaban sa Espanyol.
- Hindi naging matagumpay ang mga naunang pag-aalsa dahilan sa kawalan ng pambansang pagkakaisa. Wala pang nabuong iisang diwang Pilipino, kulang sa mga lider na may kakayahang pag-isahin ang mga katutubo, at hindi sapat ang katapatan sa kapwa-Pilipino.



**Gawain 3: Paglalapat**

1. Kung ikaw ay isang batang mag-aaral noong panahon ng Kastila, paano mo maipapakita ang iyong pakikiisa as pagtataguyod ng kalayaan? Idrowing mo ang iyong sarili sa kahon noong panahon ng Kastila at punan mo ang bilog ng iyong mga iniisip na plano.


**ARALIN 2**

**ANG NASYONALISMONG PILIPINO**



Ang bunga at epekto ng mga patakarang kolonyal sa Pilipinas, ang matagal na panahon ng pananakop, at pang-aapi at katiwalian ng mga pinunong Espanyol ang unti-unting nagbuklod sa isipan at puso ng mga Pilipino upang malinang ang damdaming makabansa. Bagama't bigo ang mga naunang pag-aalsa, unti-unti silang nagkaroon ng lakas at pagnanasang maging malaya at makapagsarili.

Tatalakayin sa araling ito kung ano ang nagbigay-lakas upang magkaisa ang mga naaping Pilipino sa panahon ng mga Kastila. Handa ka na ba?




Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Matatalakay ang pagdating ng kaisipang liberal sa bansa;
2. Maipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay daan sa paglinang ng damdaming nasyonalismo; at
3. Masusuri ang mga epekto ng patakarang kolonyal sa pag-usbong ng nasyonalismo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Isulat mo ang sarili mong pagkaunawa sa salitang "nasyonalismo". Maglagay sa bilog ng mga salitang maiuugnay sa kaisipang iyan.



**Mga Salik na Nakapagpausbong ng Damdaming Nasyonalismo**

Ang damdaming nasyonalismo ay ang pagkakaroon ng iisang adhika para sa Inang Bayan: ang mapabuti ito. Anu-ano ang mga salik na nagbunsod sa mga Pilipino upang isulong ang adhikaing iyan?

1. Pagbubukas ng Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan:

   Dahil dito, maraming nakarating sa ibang bansa. Namulat ang mga Pilipino sa sariling kalagayan at natutong makisalamuha sa ibang dayuhan. Dahil sumigla rin ang kalakalan sa Maynila, naganyak ang halos lahat ng uri ng tao sa pangangalakal.

2. Pagkakaroon ng pang-gitnang uri ng lipunan (*middle class*):

   Dulot ng kanilang kalagayan sa buhay kinalaban ng mga Pilipino ang mga Espanyol at prayle at humihiling ng mga pagbabago. Ipinadala nila sa Espanya at iba pang bansa ang kanilang mga anak upang mag-aral. Sila ang bumuo sa pangkat ilustrado, na siyang nagpasimula ng paghiling ng pagbabago at nagtanggol sa mga karapatan ng mga Pilipino.

3. Pagsibol ng kaisipang liberal sa Pilipinas:

   Dala ng Espanyol ang mga kaisipang liberal na ito buhat sa Europa. Ipinamalas nila ito sa kanilang malayang pagkilos at pananalita. Ang ganitong kaisipan, bagamat hindi tuwirang ipinalaganap ay tumimo sa isipan ng mga katutubong Pilipino.

4. Ang Kilusang Sekularisasyon

   Ang kilusang sekularisasyon ay itinatag upang ipagtanggol ang karapatan ng mga paring sekular sa mga parokya. Mayroong dalawang uri ng paring katoliko sa ating bansa noon. Ang regular at ang sekular. Ang paring regular ay kabilang sa isang orden tulad ng Agustinian, Pransiskano, at iba pa. Ang paring sekular naman ay hindi kabilang sa kahit anong orden.

5. Si Gobernador Carlos Maria dela Torre

Naniniwala siya sa liberalismo at ipinamalas niya ito sa pamamagitan ng mga patakaran at mahusay na pakikitungo sa mga Pilipino. Pantay-pantay ang pagtingin niya sa mga Espanyol at mga Pilipino.

6. Ang Pag-aalsa sa Cavite noong 1872

Noong panahon ng pamamahala ni Goberdor Izquierdo naging mahigpit at nagdulot ng pahirap sa mga Pilipino ang kanyang mga kautusan. Inalisan niya ng karapatan at kabuhayan ang mga manggagawang Pilipino sa Cavite na hindi nagbabayad ng taunang buwis.

Lumaki ang isyu tungkol sa pag-aalsa sa Cavite at sinabi ni Izquierdo na ito'y isang rebolusyong naglalayong pabagsakin ang pangunahing Espanyol sa Pilipinas. Ngunit sa katunayan, hindi rebolusyon ang naganap sa Cavite kundi isang protesta lamang ng mga sundalo at manggagawa.

7. Pagbitay sa Tatlong Paring Martir

Ang pinakamalaking pagkakamali ni Gobernador Izquierdo ay ang pagpapabitay niya sa tatlong Pilipinong pari, sina Padre Gomez, Padre Burgos at Padre Zamora, ngayon ay kilala bilang Gomburza. Tumanggi si Gregorio Meliton Matinez na ipahubad ang abito ng tatlong pari bago sila patayin. Naniniwala siya na walang kasalanan ang mga ito. Iniutos niya na patunugin ang mga kampana sa lahat ng simbahan sa Maynila sa oras ng kanilang kamatayan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Isulat ang tsek (√) sa patlang kung ang sumusunod ay salik na nakapagpausbong ng damdaming nasyonalismo. Lagyan ng ekis (X) kung hindi.

_________ 1. Republika ng Biak na Bato

_________ 2. Panggitnang uri ng lipunan

_________ 3. Kaisipang liberal sa Pilipinas

_________ 4. Ang Kilusang Sekularisasyon

_________ 5. Saligang Batas ng Malolos

_________ 6. Si Gobernador dela Torre

_________ 7. Pagbubukas ng Pilipinas sa Pandaigdigang Kalakalan

_________ 8. Pag-aalsa sa Cavite noong 1872

_________ 9. Republika ng Malolos

_________ 10. Pagbitay sa Tatlong Paring Martir



**Tandaan Mo!**

- Maraming dahilan ang pag-usbong ng damdaming Pilipino: ang pagkamulat sa mga kaisipang liberal, paglawak ng pakikipagkalakalan. at pakikitungo sa mga taga-ibang bansa, pagkamulat ng panggitnang uri ng mamamayan (middle class) at mayayaman sa lipunan, at patuloy na pagmamalabis ng mga kastilang opisyal.
- Kung noong una ay hindi matanggap ng mga Pilipino ang hindi pantay na pagtingin sa ating lahi, lalong nagalit ang mga Pilipino sa pagkapatay sa tatlong paring Pilipino kaya't itinuring silang martir. Ang pagtatanggol lamang sa karapatan ng mga paring Pilipino ang kanilang kasalanan. Ang pangyayaring ito ang lalo pang nagpagising sa damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ikumpara mo ang mga naganap sa panahon ng Kastila na nagpausbong ng damdaming Pilipino, at ang mga kaganapan sa kasalukuyang panahon na nagpaunlad din ng damdaming Pilipino. May magkakatulad ba?


| Mga Nagpausbong ng Damdaming Pilipino | |
|---|---|
| Panahon ng Kastila<br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________ | Kasalukuyang Panahon<br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________ |

**Aralin 3**

**ANG KILUSANG PROPAGANDA**



Umigting ang damdaming Pilipino at lumawak pa ang mga pag-aalsa nang bitayin ang tatlong paring martir. Kaagad naming pinarusahan ng mga Espanyol ang sinumang mahuling kumikilos laban sa mga Espanyol sa pamamagitan ng pagpapatapon sa kanila sa labas ng Pilipinas. Maraming Pilipino ang ipinatapon sa Islas Marianas noong 1872 dahil sa pag-aalsa laban sa mga Espanyol. Dalawang uri ng paglaban sa mga Kastila ang namayani. Ang una ay ang pag-aalsang rebolusyunaryo, at ang kilusang propaganda. Tatalakayin sa araling ito ang kilusang propaganda.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Makapagbibigay ng pagpapahalaga sa mga isinulat ng mga propagandista;
2. Makapagtatalakay ng mga nagawa at ibinunga ng Kilusang Propaganda; at
3. Maihahambing at makapagpapaliwanag ng mga layunin ng Kilusang Propaganda at La Liga Filipina.




**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**


Subukan mong ilarawan ang mga sumusunod na bayani natin ayon sa iyong pagkakakilala.



Graciano Lopez Jaena




Dr. Jose Rizal



Marcelo H. del Pilar

**Ang Pagsibol ng Kilusang Propaganda**

Naging tambad sa mga Pilipinong ilustrado o nakapag-aral ang mga tiwaling pamamahala ng mga Kastila. Nakita nila ang pangangailangan sa pagbabago ng pamamalakad o reporma. Isinulong nila ang pagmumungkahi ng mga reporma na sinikap nilang maiparating sa mga opisyal ng pamahalaan sa Espanya. Nabuo ang kilusang propaganda at nakilala sina Jose Rizal, Graciano Lopez Jaena at Marcelo H. del Pilar bilang mga pangunahing propagandista.

**Mga Layunin ng Kilusang Propaganda**

Nilayon ng mga propagandista na gumamit ng mapayapang paraan upang matamo ang kanilang karapatan. Nagmungkahi sila ng mga sumusunod para sa kalutasan ng mga suliranin sa Pilipinas:

1. Magkaroon ng pantay-pantay na pagtingin sa mga Pilipino at Espanyol sa harap ng batas.
2. Gawing lalawigan o bahagi ng bansang Espanya ang Pilipinas.
3. Magkaroon ng kinatawan ang Pilipinas sa Kortes ng Espanya.
4. Sekularisasyon ng mga pari o parokya sa Pilipinas.

5. Pagkalooban ang mga Pilipino ng kalayaan sa pagsasalita, pamamahayag, pagpupulong at paghaharap ng mga karaingan laban sa mga pang-aabuso.
6. Bigyan ng pantay na karapatan ang mga Pilipino na maipagtanggol ang sarili sa mga kasalanang ipinararatang sa kanila.

Nagtatag ng pahayagan ang Kilusang Propaganda. Ito ang La Solidaridad. Nagsilbing instrumento ang pahayagan upang magsama-sama ang ating mga bayani at maipahayag ang kanilang damdamin. Si Graciano Lopez Jaena ang hinirang na patnugot ng nasabing pahayagan na naglabas ng unang isyu noong ika-15 ng Pebrero, 1889.

Sa pagpapalaganap ng mithiing Pilipino ay kasama rin sina Mariano Ponce, Antonio Luna, Jose Ma. Panganiban, at ilan pang hindi naging masigasig sa banding huli. Gumamit sila ng iba't ibang sagisag upang hindi makilala at mailigtas ang kanilang mga kaanak kung sakaling paghigantihan sila ng mga Kastila.

Dahilan sa sila ay mga anak-mayaman, ilan sa mga propagandista ay naging aktibo habang nasa Madrid at Europa.

**Ang mga Layunin ng La Solidaridad**

Nilayon ng La Solidaridad ang mga sumusunod:

1. Tumulong sa mapayapang paraan upang makamtan ang mga pagbabago sa pulitika at lipunan.
2. Ilantad ang nakalulunos na kalagayan ng mga Pilipino sa bansa upang mabigyang-lunas ng Espanya.
3. Hadlangan ang masasamang impluwensya ng nepotismo (paggamit ng impluwensya upang mapaunlakan ang isang kaanak) at konserbatismo (pagiging makaluma) sa pamamalakad ng pamahalaan.
4. Itaguyod ang mga kaisipang liberal at kaunlaran ng bansa.
5. Ipaglaban ang makatuwirang mga mithiin ng mga Pilipino sa buhay, demokrasya, at pamumuhay na mapayapa at maligaya.

6. Ilantad ang mga di kanais-nais na gawi ng mga prayle at mga tiwaling patakaran ng simbahan.
7. Sikaping himukin ang mga Pilipino tungo sa pagkakaisa.

Naging maayos ang unang isyu ng pahayagang La Solidaridad. Ang ikalawang isyu nito ay isinulat sa Madrid, Espanya. Ang unang patnugot na si Graciano Lopez Jaena ay sumulat ng Fray Botod na tumuligsa sa mga pang-aabuso ng mga prayleng Espanyol. Ang ikalawang patnugot ay si Marcelo H. del Pilar. Itinatag at pinatnugutan niya ang Diariong Tagalog noong 1882 kung saan inilathala niya ang karaingan at kahilingan para sa mga pagbabago ng mahihirap. Sa La Solidaridad, gumamit siya ng sagisag na “Plaridel”. Si Dr. Jose Rizal, ang ating Pambansang Bayani, ang sumulat naman ng nobelang Noli Me Tangere kung saan tinalakay niya ang maling sistema ng lipunan na nagpapahirap sa mga Pilipino noon. Sa kanyang akdang El Filibusterismo, tinalakay naman ni Jose Rizal ang mga gawain ng isang rebolusyonaryo. Sa pagsulat sa La Solidaridad, gumamit si Rizal ng mga sagisag sa panulat tulad ng “Dimasalang” at “Laong-Laan”. Ang iba pang manunulat at ang kanilang mga sagisag ay sina: Mariano Ponce (Tikbalang, Naning at Kalipulako), Dominador Gomez (Romiro Franco), Antonio Luna (Taga-ilog), at Jose Maria Panganiban (Jomapa).

Hindi nalaunan at nagsara ang La Solidaridad bunga ng maraming balakid na kinaharap nito. Kulang ang pondo, walang kalayaan ang operasyon, at walang pagkakaisa ang mga Pilipino.

**Si Dr. Jose Rizal**


Naging pangunahing propagandista at nagbuwis ng kanyang buhay dahil sa kilusang propaganda si Dr. Jose Rizal. Nabanggit na natin ang mga isinulat niyang aklat: *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo.* Ang mga aklat na iyan ay nagsilbing tagabukas ng isipan ng maraming mamamayan.

Ipinadala si Jose Rizal sa Madrid at Europa ng kanyang kapatid upang si Paciano na mag-aral at paghandaan ang misyon ng propaganda. Si Paciano ay naiugnay sa tatlong paring martir sapagkat siya ay malapit na kaibigan ni Padre Burgos. Sa ibang bansa, bagamat maraming sumusuporta sa kilusang propaganda, nalimi ni Rizal na hindi lubusang magtatagumpay ang kilusan kung hindi pag-iisahin ang mga Pilipino. Nadama din niya na kailangang bumalik sa sariling bansa upang pag-isahin ang mga Pilipino.

Itinatag ni Dr. Jose Rizal ang samahang La Liga Filipina sa Pilipinas bunga ng pagkabigo ng Kilusang Propaganda sa Espanya na makamit ang mithiin nito. Ang La Liga Filipina ay isang pansibikong organisasyong sinimulan ni Rizal pagbalik niya sa Pilipinas. Ang mga layunin ng La Liga ay ang mga sumusunod:

1. Magkaroon ng pagkakaisa ang buong kapuluan para sa kapakanan ng lahat.
2. Matugunan ang bawat kaanib sa panahon ng pangangailangan.
3. Makipaglaban sa lahat ng uri ng kasamaan at kawalang katarungan.
4. Maisulong ang edukasyon, agrikultura, at pakikipaglaban.
5. Maisagawa ang mga pagbabago o reporma sa pamahalaan.

Ngunit hindi lumaganap ang adhikain ng La Liga. Dahilan sa kanyang mga isinulat at mga gawaing pang-reporma, ipinahuli si Jose Rizal ng pamahalaang Kastila, isinangkot sa mga pag-aalsa at ipinabaril sa harap ng madla noong Disyembre 30, 1896 sa Bagumgayan ngayon ay Luneta o Rizal Park. Kung nabigo man ang kilusang propaganda, nagkaroon naman ng damdaming makabayan na nagbunsod sa himagsikan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Isulat sa patlang ang mga sagisag ng mga sumusunod:

______________________ 1. Dr. Jose Rizal
______________________ 2. Antonio Luna
______________________ 3. Dominador Gomez
______________________ 4. Jose Ma. Panganiban
______________________ 5. Marcelo H. del Pilar
______________________ 6. Graciano Lopez-Jaena
______________________ 7. Mariano Ponce

B. Pumunta sa alinmang aklatang malapit sa inyong bahay at magsaliksik tungkol sa buhay ng isa sa mga propagandista. Gumawa ng kanyang talambuhay at lagyan ng larawan.



**Tandaan Mo!**

- Hindi naging matagumpay ang La Solidaridad bunga ng maraming balakid na kinaharap nito tulad ng kakulangan ng pondo, kawalang kalayaan ng operasyon, at hindi pagkakaisa ng mga Pilipino.
- Nagtatag si Dr. Jose Rizal ng La Liga Filipina upang maging daan ng pagkakaisa ng mga Pilipino. Nabuwag ang samahan dahil sa kawalan ng tiwala ng mga kasapi sa mga layunin ng asosasyon.
- Ang pagkamartir kay Dr. Jose Rizal ang nagbigay ng lakas loob sa ibang Pilipino upang labanan ang mga Espanyol.



**Gawain 3: Paglalapat**

Tinangka ng mga Propagandista na sa pamamagitan ng pluma at papel ay makamit ang kalayaang minimithi. Ipalagay mo na isa kang propagandista. Pumili ng isang isyu sa iyong lugar o sa buong Pilipinas na kailangang bigyang-pansin ng pamahalaan. Sumulat ng isang sanaysay o kolum sa dyaryo upang magmungkahi ng dapat gawin sa isyung mapipili mo.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ang mga katiwalian ng mga Espanyol ang gumising sa diwa at puso ng mga Pilipino upang kumilos at magkaisa.
- Nilayon ng Kilusang Propaganda ang pagkakamit ng kalayaan at paglinang sa damdaming nasyonalismo, sa isang paraang mapayapa: ang paggamit ng mga panulat at pagmumungkahi ng mga solusyon sa pamahalaan.
- Sa pagbuo ng damdaming makabansa, mahalaga ang pagkakaroon ng pagkakaisa at matatag na simulain.
- Ang mga pangunahing mga bayani noong panahon ng propaganda ay sina Dr. Jose Rizal, Marcelo H. del Pilar, Antonio Luna at Graciano Lopez Jaena.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

1. Ang Gobernador Heneral na naniniwala sa liberalismo at nagpamalas ng mahusay na pakikitungo sa mga Pilipino ay si:
   A. Narciso Claveria
   B. Izquierdo
   C. Carlos Ma. dela Torre
   D. William Draper

2. Ang gumamit ng sagisag na Taga-ilog:
   A. Dominador Gomez
   B. Antonio Luna
   C. Mariano Ponce
   D. Jose Ma. Panganiban

3. Sino ang naging pinuno ng pag-aalsa sa Pampanga?
   A. Francisco Maniago
   B. Pedro Ladia
   C. Andres Malong
   D. Felipe Catabay

4. Ang sagisag na ginamit ni Mariano Ponce:
   A. Taga-ilog
   B. Jomapa
   C. Plaridel
   D. Tikbalang

5. Ang mga sumusunod ay mga dahilan ng pag-aalsa maliban sa:
   A. pagmamalupit sa mga katutubo
   B. di pantay na pagtingin sa mga Pilipinong Pari
   C. pang-aagaw ng mga lupain sa mga magsasaka
   D. pagpapaalis sa hari ng Espanya

6. Ang pinunong tinanggihan na maging isang pari at nagtatag ng isang kapatirang panrelihiyon na tinawag na Confradia de San Jose:
   A. Hermano Pule
   B. Diego Silang
   C. Palaris
   D. Lakandula

7. Ang dahilan ng pag-aalsa ay dahil sa monopolyo ng pamahalaan sa paggawa ng basi:

   A. Diego Silang | C. Gabriela
   B. Francisco Dagohoy | D. Pedro Mateo

8. Ang samahang itinatag ni Jose Rizal upang magkaisa ang mga Pilipino:

   A. Kilusang Propaganda | C. Katipunan
   B. La Liga Filipina | D. Mason

9. Ang katawagan o sagisag na ginamit ni Dr. Jose Rizal:

   A. Plaridel | C. Jomapa
   B. Taga-ilog | D. Laong-Laan

10. Ang sumulat ng nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo at siya nating pambansang bayani:

    A. Marcelo H. del Pilar | C. Graciano Lopez-Jaena
    B. Jose Rizal | D. Antonio Luna

11. Ang susunod ay mga hangarin ng mga repormista o kilusang propaganda maliban sa isa:

    A. Gawing lalawigan o bahagi ng bansang Espanya ang Pilipinas.
    B. Pagkalooban ang mga Pilipino ng kalayaan sa pamamahayag, pagpupulong at pagharap sa mga karaingan sa pamahalaan.
    C. Itaguyod at palaganapin ang himagsikan.
    D. Ilantad ang mga di kanais-nais na gawain ng mga prayle.

12. Ano ang pinakamahalagang salik na nagpausbong sa damdaming nasyonalismo?

    A. Pagbubukas ng Pilipinas sa pandaidigang kalakalan.
    B. Pagsibol ng kaisipang liberal ng Pilipinas.
    C. Pagpatay sa tatlong paring martir o GOMBURZA.
    D. Pangingibang-bansa ng mga mahistrado.

13. Ang diyaryong itinatag ng Kilusang Propaganda:
    A. La Independiente
    B. Manila Bulletin
    C. La Solidaridad
    D. La Liga Filipina

14. Kilusang itinaguyod ng mga paring Pilipino upang ipagtanggol ang kanilang karapatan:
    A. Liberalisasyon
    B. Kristiyanismo
    C. Pilipinisasyon
    D. Sebularisasyon

15. Ang mga Pilipinong maykaya at nakapag-aral na siyang bumuo ng panggitnang uri ng lipunan o middle class noong panahon ng Kastila:
    A. Ilustrado
    B. Propagandista
    C. Sekular
    D. Indio

16. Ang Gobernador Heneral na nagpatibay sa Gumburza:
    A. Carlos Ma. dela Torre
    B. Narciso Claveria
    C. Polavieja
    D. Izquierdo

17. Naging adhikain ng mga Pilipinong ngunit di pinahintulutan ng mga Kastila:
    A. Lubusang paglaya sa mga Kastila
    B. Representasyon sa Cortes
    C. Makapag-aral
    D. Makapunta sa Espnaya

18. Mga kalayaang ninais makamit ng mga Pilipino ngunit di pinahintulitan ng mga Kastila:
    A. Matutong bumasa at sumulat
    B. Magsuot ng damit ng Europa
    C. Mamahala sa sariling bansa
    D. Maging Katoliko

19. Ano ang ikinaiba ni Dr. Jose Rizal sa mga Pilipinong propagandista?
    A. Ninais niyang bumalik sa sariling bansa
    B. Ninais niyang sa Espanya manirahan habambuhay
    C. Ninais niyang magsulat
    D. Ninais niyang magkaroon ng pagbabago sa Pilipinas
20. Ano ang pinakamahalagang dahilan kung bakit hindi nagtatagumpay ang kilusang propaganda?
    A. Kakulangan ng pagkakaisa ng mga Pilipino sa Pagsusulong ng reporma.
    B. Kakulangan ng mga lider.
    C. Kakapusan sa katalinuhan at kahusayan sa pagsulat.
    D. Katamaran ng mga Pilipino.




## GABAY SA PAGWAWASTO

| PANIMULANG PAGSUSULIT | | PANGHULING PAGSUSULIT | |
|---|---|---|---|
| 1. K | 11. C | 1. B | 11. C |
| 2. B | 12. B | 2. D | 12. C |
| 3. A | 13. C | 3. A | 13. C |
| 4. D | 14. D | 4. D | 14. D |
| 5. K | 15. B | 5. A | 15. D |
| 6. A | 16. D | 6. K | 16. D |
| 7. D | 17. D | 7. A | 17. A |
| 8. B | 18. A | 8. K | 18. B |
| 9. D | 19. D | 9. B | 19. A |
| 10. B | 20. A | 10. K | 20. A |

**ARALIN 1 PAG-AALSA LABAN SA ESPANYOL**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. "Walang mang-aalipin kung walang paaalipin" – Ang ibig ipahiwatig nito ay huwag tayong paalipin at dapat nating labanan ang hindi kanais-nais na gawi na ito. Nararapat ding ituring natin na tayo'y pantay-pantay at di kinakailangang magpa-alipin sa iba.
2. "Nasa pagkakaisa ang tagumpay" – Pinapakahulugan lamang nito na ang susi sa tagumpay ay ang pagkakasundo at maayos na pagpaplano ng bawat isa tungo sa isang mithiin.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| | |
|---|---|
| 1. D | 6. K |
| 2. L | 7. G |
| 3. B | 8. M |
| 4. H | 9. A |
| 5. I | 10. E |

**Gawain 3: Paglalapat**

Maaaring ipakita ang iyong ginawa sa gurong tagapamahala para sa pagtatama.

**ARALIN 2 ANG NASYONALISMONG PILIPINO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| | |
|---|---|
| 1. X | 6. √ |
| 2. √ | 7. √ |
| 3. √ | 8. √ |
| 4. √ | 9. X |
| 5. X | 10. √ |

**Gawain 3: Paglalapat**

Maaring Sagot:

Panahon ng Kastila

1. Pagmamalupit ng mga Kastila lalo na sa mga mahihirap.
2. Di pagkakapantay-pantay ng mayaman at mahirap.
3. Katiwaliaan sa pamahalaan.
4. Pag-aabuso ng mga prayle/simbahan.
5. Pag-aabuso sa mga kababaihan.

Kasalukuyang Panahon

1. Kawalan ng hustisya para sa mahihirap.
2. Katiwaliaan sa pamahalaan.
3. Tiwaling gawain ng mga pari.
4. Pag-aabuso ng military.
5. Di-pantay ng karapatan sa mahirap at mayaman.

**ARALIN 3 ANG KILUSANG PROPAGANDA**

**Gawain 1 Pagisipan Mo!**

Graciano Lopez Jeana – tanyag na mamamahayag

Dr. Jose Rizal – Pambansang Bayani

Marcelo H. del Pilar – kilala bilang patnugot ng La Solidaridad

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Laong-Laan
2. Taga-ilog
3. Romiro Franco
4. Jomapa
5. Plaridel
6. Fray Butod
7. Tikbalang
8. La Solidaridad
9. Diaryong Tagalog
10. Noli at Fili

**Gawain 3: Paglalapat**

Maaaring ipakita ang iyong ginawa sa gurong tagapamahala para sa pagtatama.